

“Mga Salik na Nakaaapekto sa Pagkatuto ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino”

Andrey James B. Falcasantos¹, Ashley Joy P. Buduan¹, Rhea L. Mendoza²,
Junny T. Sabanal³, Germa A. Ferbes⁴

¹Undergraduate Student, College of Teacher Education, Western Mindanao State University

²Associate Professor IV, College of Liberal Arts, Western Mindanao State University

³Teacher III, Zamboanga National High School MAIN

⁴Master of Arts in Education Major in language teaching (Filipino), Western Mindanao State University

Corresponding author: Andrey James B. Falcasantos

ABSTRACT : The discovery of factors that affect learning is the ultimate goal of this study. This study focuses on students, it also aims to find out the significant relationship between grades and factors that affect students' learning. This study had thirty (30) secondary school students who responded. Made through descriptive-correlational research with a survey questionnaire. As a result, the student's grades were high in the first and second semester. It was also found that there are factors affect learning from the teaching method, learning environment, and learning method. There was no significant relationship between the factors affecting learning and students' scores. It means that even though there are learning factors, student's marks may still be high; the marks in the Filipino subject is related to the student's teaching method factor with a Pearson-R 0.033, while the environment factor is 0.162, while the student's learning method has -0.002, meaning that the factors affecting learning have no significant relationship with students' scores.

Keywords: *Factor, teaching, Filipino subject*

ABSTRAK: Ang pagtuklas ng mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ay ang pinakalayunin ng pag-aaral na ito. Nakapokus ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral, layunin din nitong alamin ang makabuluhang ugnayan ng mga marka sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay may tatlongpung (30) na mag-aaral sa sekundarya ang sumagot. Ginawa sa pamamagitan ng descriptive research ang pag-aaral na ito na may talatanungan o sarbey kwestyoneyr. Sa naging resulta mataas ang grado ng mga mag-aaral sa una at pangalawang markahang marka. Nalaman din na may mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto mula sa paraan ng pagtuturo, kapaligiran ng pagkatuto, at paraan ng pampagkatuto. Walang makabuluhang ugnayan ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto sa mga marka ng mga mag-aaral. Nangangahulugang kahit may mga salik sa pagkatuto ngunit, maaari pa ring mataas ang marka ng isang mag-aaral, kaugnay nito ang marka sa asignaturang Filipino sa salik na paraan na pagtuturo ng mag-aaral na may roong pearson r +0.033, sa salik na kapaligiran naman ay +0.162, samantalang ang paraan ng pagkatuto ng mag-aaral ay mayroong -0.002, nangangahulugang walang makabuluhang ugnayan ang mga salik nakaaapekto sa pagkatuto sa mga marka ng mga mag-aaral.

Mga Susing salita: *Salik, Pagtuturo, Asignaturang Filipino*

I. INTRODUKSIYON

Ang Filipino ay isa sa mga asignaturang itinuturo sa paaralan sa alinmang antas. Mula elementarya, sekundarya, at hanggang kolehiyo ay bahagi na ng kurikulum ang pagtuturo ng Filipino bilang asignatura (Truya, 2020). Ayon sa K-12 Basic Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon layunin ng pagtuturo sa Filipino na malinang ang (1) kakayahang komunikatibo (2) Replektibo/mapanuring Pag-iisip at ang Pagpapahalagang pampanitikan. Malaki ang papel ng mga guro sa larangan ng edukasyon. Tinutulungan nila ang mga mag-aaral na matuto at makamit ang kanilang mga minimithi sa pamamagitan ng pag-aaral at ang guro ay nagsisilbi bilang modelo at tagahubog ng kanilang mga personalidad. Ang kahinaan sa pang-akademikong perormans sa asignaturang Filipino ng maraming mag-aaral sa sekundarya ay nagdulot ng mahalagang atensyon sa mga mananaliksik sa larangan ng Educational Management.

Ang mga salik na nakakaapekto sa akademikong performans ng mag-aaral ay isang mahalagang isyu sa antas ng edukasyon. Ito marahil ang rason kung bakit dumarami ang mga nawawalan ng interes sa pag-aaral at drop-outs rate ng isang paaralan. Kaya naman, ang mga salik na ito ay kailangang mabigyan ng atensyon paramapadali at mapagaan ang proseso sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Hindi rin nangangahulugan na dahil mataas o mababaang marka ng studyante ay mahina na ang utak nito. Kung ang estudyante man ay nakakuha ng mababang grado sa isang pagsusulit, hindi din ibig sabihin nito ay mahina na ito sa pag-aaral. Maraming mga matatalinong bata ang hindi nagpeperform nang maayos, hindi dahil sa mahinang komprehensyon sa pag-aaral kundi maaring dahil sa 'external factors' na nakakaapekto sa pagtatagumpay sa pag-aaral (Ramli, et al., 2018).

Upang mabigyang linaw ang suliranin na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa sekundarya ang layon ng pananaliksik na ito ay malaman ang mga salik nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ng sekundarya. Upang malaman kung ano ang salik na nakakaapekto sa kanilang pagkatuto. Sa pamamagitan niyonagkakaroon ng kontribusyon ang mga mananaliksik sa pagdagdag ng kaalaman tungkol sanasabing pag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng mga mungkahi na makatutulong upang malutas ang nabanggit na suliranin na itinuturing na balakid sa ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pananaliksik na salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral sa asignaturang Filipino ay naglalayong sagutin ang mga tanong na:

1. Ano ang pangkalahatang marka ng mga mag-aaral batay sa:
 - 1.1 unang markahan
 - 1.2 pangalawang markahan
2. Ano ang salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral?
 - 2.1 Mga paraan ng pagturo ng Guro
 - 2.2 Kapaligiran ng pagkatuto
 - 2.3 Paraan ng Pagkatuto ng Mag-aaral
3. May makabuluhang ugnayan ba ang mga kabuuang iskor sa Asignaturang Filipino sa mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa mga baryabol:
 - 3.1 mga paraan ng Pagtuto ng Guro
 - 3.2 Kapaligiran ng pagkatuto
 - 3.3 Paraan ng Pagkatuto ng Mag-aaral

III. KAUGNAYAN NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang bahaging ito ay naglalaman ng akademiko at propesyonal na mga babasahin na may kinalaman sa pag-aaral na mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Nagbibigay ng kaalaman sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral na inilakip upang luminaw ang nais ipabatid ng mananaliksik. Nakatala sa *Collier's Encyclopedia* na ang edukasyon ay nananatili bilang isang prosesong pangkalahatan na nagiging instrumento upang ang isang komunidad, lipunan o bansa ay makaagpang sa mga pagbabagong nagaganap. Ito ay sa pamamagitan ng paglalahad at pagpapalaganap ng mga kaalaman na tumutulong sa tao upang lagpasan ang anumang banta laban sa pansariling kaayusan. Ang Edukasyon ay maituturing na pangkalahatang proseso kaya't nararapat lamang na ito ay hindi makapag-iisa, sapagkat narito ang pag-aambag ng iba't ibang saloobin, persepsiyon, ideolohiya at mga pagnanais mula sa iba't ibang uri ng indibidwal sa loob ng isang grupo.

Salik na Nakakaapekto sa Pagkatuto

May mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral, masasabing kahit anong asignatura pa ay may mga nakikitang problema na nakakaapekto sa pagkatuto. Narito ang iba pang pag-aaral kaugnay sa mga salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng isang mag-aaral.

Sa pag-aaral na "*Prospective Language Teacher's Belief and Attitudes towards the Inclusion of Special Learners in Regular Classroom*", sa pag-aaral na ito sinasabi ang ang pagkakasama ay nakikita bilang isang edukasyon na magdadala sa atin sa hinaharap, lalo na't ang ating kasalukuyang lipunan ay naglalayong sa pantay-pantay at pinupuri ang ideya ng iba't ibang lahi sa loob ng isang silid-aralan. Ang mga natuklasan ay nagpapakita ng isang takbo kung saan ang mga bagong guro sa wika ay may positibong pananaw sa pagkakasama dahil sa damdamin ng tungkulin bilang guro. Anuman ang kalagayan, ang pangunahing layunin ng isang guro ay magturo kaya't hindi dapat magkaruon ng diskriminasyon sa mga mag-aaral. Ang mga guro ang dapat na magsanay at magbigay-pansin sa pangangailangan ng bawat mag-aaral (Saavedra, et. al, 2023). Kaya't sinasabi na hindi dapat magkaroon ng

salik sa pagkatuto tungkol sa diskriminasyon sa mga mag-aaral. Sa pag-aaral na “*A Study on the Educational Effects of Learning Applications for Secondary School Students*”, sa pag-aaral na ito, ang mga epektong pang-edukasyon ng mga application sa pag-aaral ay nasuri mula sa pananaw ng self-directed learning at smart learning, at ipinakita ang mga plano sa pagpapahusay para sa pagbuo at paggamit ng mga learning application. Paraan Sa pag-aaral na ito, 9 na mga application sa pag-aaral na binuo para sa layunin ng pag-aaral para sa mga mag-aaral sa gitnang paaralan ay pinili at sinuri batay sa uri ng pag-aaral na nakadirekta sa sarili batay sa proseso ng pagkatuto ng mga layunin sa pag-aaral, kontrol sa pagkatuto, pagsusuri sa pagkatuto (Kang, 2022).

Ayon naman sa pag-aaral na “*The Effect of Learning Quality and Learning Satisfaction on Learning Outcomes in Online Learning*” maraming pagkakaiba ang nararamdaman ng mga mag-aaral kapag nakikilahok sa online na pag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epekto ng kalidad ng pagkatuto at ang proseso ng pagkatuto sa mga resulta ng pagkatuto sa panahon ng pagpapatupad ng online learning. Sa pag-aaral na ito ay nalaman na walang malaking epekto ang online learning sa pagkatuto ng mga mag-aaral kaya masasabing hindi problema ang online learning sa pagkatuto (Sa’adah at Hidayat, 2022).

Sa pag-aaral naman na “*Motivation and Barriers to Learning of Students: The Case of Online Education*” masasabing sumalungat ito sa isinaad ng mga nagdaang kaugnay na literature. Sa pag-aaral na ito, nalaman sa pag-aaral na ang pagganyak ng mga mag-aaral sa pag-aaral online ay nakasalalay sa mga panlabas na hadlang sa pag-aaral. Ang pananaw ng mga kalahok ay nagpapakita na ang suporta ng guro at pinasimpleng mga aktibidad at ang pagbibigay ng magulang ng mahusay na koneksyon sa internet at ang aparato ay maaaring gumawa ng isang malakas na pagganyak sa pag-aaral. Inirerekomenda na ang mga aktibidad sa online na klase ay dapat na napakasimple dahil ang mga mag-aaral ay walang pagpipilian dahil ito ay nasa gitna pa rin ng krisis sa kalusugan. Nararapat na suportahan ang mga mag-aaral sa kanilang mga online na klase. Magtutulongan ang mga magulang, guro, at iba pang stakeholder upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral (Diu, et. al, 2022).

Sinang-ayunan naman ito ng pag-aaral na “*Coping mechanisms of the senior high school learners in addressing the concerns in the use of the blended learning modality during the COVID-19 pandemic*” ang resulta ay nagpapakita na kahit may mga akademikong hamon ang mga Senior High School learners sa panahon ng pandemya, maganda na nakayang harapan ang mga ito sa pamamagitan ng maayos na pagpapalano bago pa man mangyari, paghahanap ng mga sanggunian, at higit sa lahat, ang tulong ng kanilang pamilya at mga kaibigan, lalo na sa mga teknikal na problema. Sa aspeto ng panganib sa kanilang kalusugan dulot ng teknolohiyang ginamit, nakakahanap din sila ng solusyon sa pamamagitan ng anti-radiation gadget. Bukod dito, sa lahat ng nabanggit na paraan ng pagharap sa mga hamon, ang paggamit ng mga tagubilin sa pamamagitan ng Google at Youtube ang may pinakamataas na mean. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na hindi titigil ang edukasyon, ano man ang sitwasyon. Kahit na ipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga akademikong hamon sa panahon ng pandemya, nakakayang lampasan ito sa pamamagitan ng kanilang mga paraan ng pagharap. Tunay nga, ang kanilang pamilya, mga kaibigan, at teknolohiya ang nagbigay daan para maging posible ang kanilang pag-aaral sa kabila ng epekto ng pandemyang COVID-19 (Saavedra, et. al, 2022).

Paraan ng Pagkatuto ng Mag-aaral

Ang pagkatuto ay nakadipende sa “*Learning Strategy*” isang mag-aaral. Masasabing malaki ang ambag ng isang guro sa pagkatuto ngunit sa pananaw ng isang mag-aaral, madami pang ibang paraan sa pagkatuto ng mag-aaral. Narito ang iba pang mga pag-aaral.

Sa pag-aaral na “*Lawak ng Pagkatuto ng Mag-aaral Kaugnay sa Paggamit ng Differentiated Instruction*” Ang performans ng mga mag-aaral pagkatapos magamit ang differentiated instruksyon may significant na kaugnayan sa pagitan ng lawak ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng differentiated instruksyon sa kanilang pakikilahok, at ang kanilang akademik performans. Subalit walang kaugnayan ang lawak ng kanilang kasanayan, interes, at oportunidad sa kanilang akademik performans. May significant na kaugnayan sa pagitan ng problemang nararanasan ng mga guro kaugnay sa dami o bilang ng mga mag-aaral sa klase at ang akademik performans ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, malawak ang pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang differentiated instruksyon (Ypon at Writes, 2020).

Sa iba pang pag-aaral bagama’t ang karamihan sa mga guro ay bihasa sa pagbibigay ng mga pagkakataon para sa pag-unlad ng pag-aaral ng mga bata, kung minsan ay hindi lubos na nauunawaan ang teorya sa likod nito. Na may higit na pananaw sa kung ano ang kasalukuyang nalalaman tungkol sa mga proseso ng pag-aaral at tungkol sa mga indibidwal na mag-aaral may pag-aaral na “*Ways of Learning: Learning Theories for the Classroom*” ang mga guro ay sinasabing kakailanganing magbasa ng iba’t ibang libro ukol sa teorya ng epektibong pagtuturo upang magkaroon ng epektibong pagkatuto ang mga mag-aaral isa na rito ang pag-aaral ng behaviourism at ang simula ng teorya cognitive at constructivist pag-aaral ng maramihang katalinuhan at mga estilo ng pag-aaral kahirapan sa pag-aaral ng impluwensya ng neuropsychology iba pang mga teorya, pilosopiya at mga pangalan na nauugnay sa teorya sa pagsasanay (Pritchard, 2017).

Sa pag-aaral na “*Motivation and Amotivation of Non-language Major Students Towards Learning English Online: A Qualitative Analysis*” sinasabing iba't ibang motibasyon ng mga mag-aaral, tulad ng mga oportunidad para sa masusing pag-aaral sa web, ang likas na motibasyon na mag-aral, ang impluwensya ng guro, suporta mula sa ibang tao, panood ng entertainment media para sa pag-aaral, isang paraan para sa independent na pag-aaral, at ang hilig at interes sa wikang Ingles. Sa kabilang dako, ipinakita rin ng pag-aaral na mayroong iba't ibang motivasyon ng mga mag-aaral, tulad ng pagtitiis sa mga panlabas na distraksyon, mga salik na may kinalaman sa guro, biglang pagkawala ng kuryente, kritisismo mula sa ibang tao, mga problema sa kalusugan, mga hamon sa paggamit ng mga aplikasyon para sa pag-aaral, maraming akademikong gawain, at ang kagustuhan na isawalang-bahala ang mga akademikong Gawain (Biri, et. al, 2023).

Ayon naman sa pag-aaral na “*Goal Orientation, Diverse Talents and Ways of Learning of the University Students*” ipinahiwatig ng mga resulta na may mga makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga pag-uugali ng oryentasyon ng layunin ng mga babae at lalaki. Ang mga babaeng mag-aaral ay higit na aktibo sa pagtatakda ng mga personal na layunin para sa pag-aaral sa kanilang mga kurso, sinusubukang makakuha ng malinaw na impormasyon tungkol sa mga layunin ng kanilang mga tagapagturo, paggawa ng karagdagang hindi nakatalagang gawain upang maabot ang kanilang mga layunin sa pag-aaral, sinusubukang makamit ang kanilang pinakamahasag sa bawat klase at paggamit ng lahat ng mga mapagkukunan sa campus na may kinalaman sa kanilang mga kurso.

Ang mga natuklasan tungkol sa magkakaibang talento at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay nagpahiwatig na mayroon ding makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga mag-aaral na babae at lalaki sa magkakaibang mga talento at paraan ng pagkatuto (Kisac, et. al., 2014).

Asignaturang Filipino

Ang asignaturang Filipino ay isang asignatura na pinag-aaralan sa paaralan na ginagamitan ng linguwaheng Filipino. Pinag-aaralan dito ang mga kahalagahan ng wikang Filipino, panitikan, tamang gramatika ng pagsulat ng wikang Filipino, mga kuwento at iba pang akademikong papel na ginagamitan ng Filipino. Ang asignaturang Filipino ay isa sa tinuturo sa pampublikong paaralan pati na din sa mga pribadong paaralan upang mapanatili ang pagiging makabansa ng mgakabataang Filipino (Permejo, 2021).

Ang asignaturang Filipino ay isang asignatura na tinuturo mula sa elementarya, sekundarya at maging sa kolehiyo. Ang asignaturang ito ay nahahati pa sa iba't ibang sangay pa una na ryan ang panitikan at balarila. Ang Filipino ay isa sa mga pinakamahalagang asignatura para sa ating mga Pilipino dahil ito ay makatutulong upang mas maging malawak ang ating mga kaalaman sa pagbabasa, pagsusulat at upang lubos nating malaman ang ating kultura na siyang nagpapalakas at nagpapanatili ng ating pagiging mamayang Filipino at makabansa (Elena, 2021).

Ayon sa isang tesis na “*Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Estudyante sa Asignaturang Filipino Kaugnay ng Kanilang Akademik Performans*” makikita ang resulta na nagpapakita lamang na nagkaroon ng interes ang mga estudyante sa asignatura dahil sa pagkakaroon ng isang magandang interaksyon gamit ang iba't ibang mga gawaing inihanda ng guro ngunit hindi nila masyadong itinuturing na paborito ang asignaturang Filipino. Malawak ang pagpapahalaga ng mga respondent sa asignaturang Filipino dahil nagganyak sila sa kaaya-ayang katauhan ngkanilang guro at gusto rin nilang makakuhang malaking marka.

IV. METODOLOHIYA

Inilahad sa bahaging ito ang mga pamamaraang ginamit sa pananaliksik, sa instrumenting ginamit, estadikal na pamamaraang ginamit, pagpili ng respondante, at pagtitipon ng datos. Masusing pinili at inalisang mga mananaliksik ang mga ginamit na instrumento.

Pamamaraang Ginamit

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong paraan ng pananaliksik. Layunin nitong ilarawan ng mga mananaliksik ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay isang makapangyarihang kasangkapan na ginagamit ng mga siyentipiko at mananaliksik upang mangalap ng impormasyon tungkol sa isang partikular na grupo o phenomenon. Ang ganitong uri ng pananaliksik ay nagbibigay ng detalyado at malinaw na larawan ng mga katangian at pag-uugali ng isang partikular na populasyon o paksa. Sa pamamagitan ng pagmamasa at pagkolekta ng data sa isang partikular na paksa, ang mapaglarawang pananaliksik ay nakatutulong sa mga mananaliksik na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa isang partikular na isyu at nagbibigay ng mahahalagang kabatiran na makakapagbigay-alam sa mga pag-aaral sa hinaharap (Sirisilla, 2023).

Maraming uri ang deskriptibong pananaliksik, ngunit napili ng mga mananaliksik na gamitin ang “*Descriptive Survey Research Design*” na gumagamit ng talatanungan (survey questionnaire) para makalikom ng mga datos. Ang disenyong paglalarawan o deskriptibo ay nakita ng mga mananaliksik na magiging mabisa sa pag-aaral na ito upang mas makakalap ng impormasyon na maging epektibo sa pananaliksik.

Nilalayan ng mga mananaliksik na malaman ang mga salik na nakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Samakatuwid, naniniwala ang mga mananaliksik na angkop ang disenyong ito sapagkat mas mapadadali ang pangangalap ng datos mula sa maraming respondante.

Paraan ng Pagpili ng mga Tagatugon

Ang paraan na gagamitin sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay *Purposive Sampling* sapagkat ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa layunin ng pag-aaral at mga katangian ng populasyon. Kung saan ang mga piling mag-aaral ng *Senior High School of Integrated Laboratory School* may 15 na mag-aaral mula sa baitang 11 at 15 na mag-aaral sa baitang 12. Sa kabuoan ay 30 ang napili bilang respondente ng pag-aaral.

Instrumentong Gagamitin sa Pag-aaral

Upang matukoy at masuri ang mga datos na kinakailangan ng mga mananaliksik sa kanilang pag-aaral, ang mga mananaliksik ay gagamit ng talatanungan na nahahati sa dalawang bahagi. Una, ang pagkuha ng propayl ng mga tagatugon batay sa kanilang baitang, kasarian, at ang grado sa Filipino mula sa unang markahan at pangalawang markahan; Ikalawa ay ang mga deskriptibong pahayag na nahahanay sa tatlong (3) saklaw; ang mga paraan ng pagtuturo ng guro, kapaligirang pampagkatuto, pamamarang pampagkatuto ng mga mag-aaral. Ang bawat saklaw ay binase ng mga mananaliksik na *Factors of Learning in Filipino and Student' Performance of Secondary Education in Eastern Visayas Philippines* ni Dr. Rowena N. Ariaso. Ang bawat saklaw ay naglalaman ng sampung (10) deskriptibong mga pahayag na nabuo naman ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng mga nakalap na opinyon mula sa ilang guro sa asignaturang Filipino, mga ilang artikulo na tungkol sa suliraning nilalaman ng pananaliksik, mga naisagawang pananaliksik at mga balitang itinatampok ang suliranin. Upang mabigyang kasagutan ang talatanungan ay gagamitin ng mga mananaliksik ang lima (5) Point-Likert Scale o pagpipilian upang matukoy ang mga salik sa pag-unawa ng mga mag-aaral na makikita sa ibaba:

- 5 – Lubhang Sumasang-ayon
- 4 – Sumasang-ayon
- 3 – Hindi Sigurado
- 2 – Hindi Sumasang-ayon
- 1 – Lubhang Hindi Sumasang-ayon

Upang malaman naman ang akademikong perormans ng mga tagatugon ay kukunin ng mga mananaliksik ang pinal na grado ng mga tagatugon sa asignaturang Filipino mula sa una at ikalawang markahan sa taong panuruan 2022-2023 sa pamamagitan ng paggamit sa DepEd Order blg. 8, s. 2015 bilang batayan upang mailarawan ang kahusayan ng marka sa Asignaturang Filipino ng mga tagatugon. (Tignan ang Talahanayan 1)

Talahanayan 1 : nukatan sa Akademikong Performans

| Marka | Interpretasyon |
|----------|-------------------|
| 97-100 | Excellent |
| 94-96 | Very Outstanding |
| 91-93 | Outstanding |
| 88-90 | Very Good |
| 85-87 | Good |
| 82-84 | Very Satisfactory |
| 79-81 | Satisfactory |
| 76-78 | Fair |
| 75 | Passing |
| Below 75 | Failure |

Pagpapatibay ng Instrumentong Ginamit

Ang instrumentong ginamit ay mula sa payo ng estadistika, dumaan sa pilot testing upang mas mapatibay at mailahad na makatotohanan ang katanungan sa loob ng talatanungan. Ayon sa estadistika, upang mapatunayang “reliable” ang gagamiting instrumento.

Ang mga mananaliksik ay gumawa ng maraming pagbabago sa talatanungan bago nakagawa ng pinal na mga tanong sa talatanungan upang mailahad nang maayos ang mga layunin ng mga tanong. Ang pagpapatunay na ito ay nakatulong sa mga mananaliksik upang matiyak na ang mga tanong sa talatanungan ay malinaw at kapaki-pakinabang.

Pangangalap ng mga Datos

Humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Punong-guro (*Dean*) ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro kung maaaring makapagsarbey ang mga mananaliksik sa labas ng kolehiyo. Humingi rin ng pahintulot sa Punongguro (*Principal*) ng *Integrated Laboratory School* ng *Western Mindanao State University* kung maaaring mangalap ng datos sa mga mag-aaral ng *Senior High School*. Gumawa ng consent form ang mga mananaliksik para sa mga mag-aaral na nagsilbing pahintulot upang maging bahagi sila ng pag-aaral at kung sumasang-ayon silang lumahok sa pananaliksik, ginamit ang kanilang mga tugon upang sagutin ang mga layunin ng pag-aaral.

Estatistikang Ginamit

Ang pangunahing estatistikang ginamit sa pananaliksik ay *Fivepoint Likert Scale* makuha ang paglalarawan sa katumbas na bigat para sa salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Upang matukoy ang pinakamababa at ang pinakamtaas ng *5-point Likert type scale*, ang range ay kinakalkula ng $(5 - 1 = 4)$ pagkatapos ay hinati sa lima dahil ito ang may pinakamalaking halaga sa scale ($4 \div 5 = 0.80$). Pagkatapos, idinagdag ang 1 na pinakamaliit na halaga sa sukat upang matukoy ang pinakamataas sukat. (Tignan sa Talahanayan 2)

Talahanayan 2
Interpretasyon ng mga Datos
5-Point Likert Scale


| Range | 5-point likert Scale | Interpretation |
|-------------|----------------------|--------------------------------|
| 1.0 – 1.80 | 1 | Lubhang na hindi sumasang-ayon |
| 1.81 – 2.60 | 2 | Hindi sumasang-ayon |
| 2.61 – 3.40 | 3 | Hindi Sigurado |
| 3.41 – 4.20 | 4 | Sumasang-ayon |
| 4.21 – 5.0 | 5 | Lubhang na sumasang-ayon |

Batayang Teorya

Sa pananaliksik na ito nagamit ang teoryang *Cognitivism (Cognitive-Behavioral Theory)* na iminungkahi ni Jean Piaget noong 1930 at ito ay may kinalaman sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang *Cognitive Behavioral Theory*, sinusuri kung paano naiimpluwensyahan ng ating mga kaisipan ang ating pag-uugali at damdamin. Ayon sa *Cognitive Behavioral Theory*, ang mga iniisip, damdamin, at kilos ng isang tao ay nakaaapekto sa kung paano sila natututo. Sa madaling salita, ang kanilang mga pattern ng pag-iisip at pag-iisip ay nakaaapekto sa kung paano sila kumukuha at nagpapanatili ng impormasyon (Jarre, 2020). Samakatuwid, ginamit na batayan ang teoryang ito sapagkat may kinalaman ito sa pagkatuto at pag-iisip ng mga mag-aaral, sinasabing hindi lamang natututo ang isang mag-aaral base sa kaniyang pag-iisip ngunit batay na rin sa kaniyang paligid, damdamin, at kilos. Maaari nating manipulahin ang panloob at panlabas na mga salik na nakaaapekto sa ating pag-iisip upang mapabuti ang pag-aaral sa ating sarili at sa iba.

Batayang Konseptuwal

Para sa balangkas ng pag-aaral, nilikom ng mga mananaliksik ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kinalap din ang mga marka at kung may makabuluhang ugnayan ba ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto sa mga marka na nakuha ng mga mag-aaral. Ang mga ito ang magsisilbing input ng pag-aaral. Pagkatapos ay dumaan sa proseso ang mga input upang malaman ang mga naging kasagutan ng mga kalahok na sasagot sa mga layunin.



V. RESULTA AT INTERPRETASYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta at interpretasyon sa isinagawang pag-aaral. Ito ay nakabase sa mga nakalap na datos tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto. Inilhad din ang mga marka, salik, at makabuluhang ugnayan ng salik sa grado sa bawat talahanayan.

1. Ano ang pangkalahatang marka ng mga mag-aaral batay sa:

1.1 Unang markahan :
Talahanayan 1

| Pangkalahatang Marka sa Unang Marka | Adjectival Interpretation |
|-------------------------------------|---------------------------|
| 89.97 | Very Good |

1.2 Pangalawang markahan
Talahanayan 2

| Pangkalahatang Marka sa Pangalawang Marka | Adjectival Interpretation |
|---|---------------------------|
| 91.30 | Outstanding |

Sa pangkalahatang marka sa unang marka lumabas sa result ana mayroong 89.97 ang kabuuang marka ng mga mag-aaral na nangangahulugang ‘very good’ ang katayuan ng mga mag-aaral noong unang markahan. Sa pangkalahatang marka naman sa pangalawang marka ay mayroong 91.30 na nangangahulugang outstanding ang katayuan ng mga mag-aaral sa pangalawang markahan.

2. Ano ang salik na nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2.1.

| PARAAN NG PAGTUTURO NG GURO | Mean | Adjectival Interpretation |
|--|-------------|----------------------------------|
| Mas nauunawaan ko ang pagtuturo sa aralin ng aking guro sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga makabagong kagamitang pagtuturo. | 4.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| Mas mabilis kong nauunawaan ang pagtatalakay sa aralin kung nalinaw ang paglalahad ng guro sa kaniyang pagtuturo. | 4.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| Mas nakapupukaw ng aking atensiyon ang pagtuturo ng guro sa aralin kung may kasiglahan sa kaniyang pagtuturo. | 4.37 | Lubos na umasang-ayon |
| Hindi ko nauunawaan ang paksa kung sa amin ipinatatalakay ang mga paksang-aralin. | 4.17 | Sumasang-ayon |
| Mas nauunawaan ko ang mga paksa aming tinatalakay sa aralin kung ito ay inihahalintulad ng guro sa totoong buhay. | 4.17 | Sumasang-ayon |
| Lubos kong nauunawaan ang talakayan sa aralin sa pamamagitan ng paggamit ng mga biswal na pagtuturo ng guro. | 4.03 | Sumasang-ayon |
| Mas nauunawaan ko ang paksang tinatalakay sa aralin kung sa amin ipinapaulat ang mga paksa. | 4.00 | Sumasang-ayon |
| Hindi ko nauunawaan ang paksa na aming tinatalakay kung ukol lamang sa buhay ng aming guro ang itinuturo. | 3.93 | Sumasang-ayon |
| Mas nauunawaan ko ang pagtuturo sa aralin ng aking guro sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga makabagong kagamitang pagtuturo. (TV, PPTX, CANVA, PREZI, ATBP) | 3.90 | Sumasang-ayon |
| Hindi ko nauunawaan ang pagtuturo sa aralin ng aking guro sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga makabagong kagamitang pagtuturo. | 3.50 | Sumasang-ayon |

Legend: 1.0 – 1.80 - Lubhang hindi sumasang-ayon 3.41 – 4.20 - Sumasang-ayon
 1.81 – 2.60 - Hindi sumasang-ayon 4.21 – 5.00 - Lubhang sumasang-ayon
 2.61 – 3.40 – Hindi Sigurado

Talahanayan 2.2.

| KAPALIGIRANG PAMPAGKATUTO | Mean | Adjectival Interpretation |
|---|-------------|----------------------------------|
| Mas nailalaan ko ang aking oras at atensiyon sa pag-aaral sa tahimik na lugar. | 4.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| Hindi ko lubos na maunawaan ang talakayan dahil sa sabay na sabay na ingay ng aking mga kamag-aral. | 4.40 | Lubos na sumasang-ayon |
| Hindi ako makapag pokus sa pakikinig sa talakayan dahil sa kaingayan ng paligid. | 4.20 | Sumasang-ayon |
| Mas madali kong nasusundan ang aralin dahil sa mga kaibigan kong tumutulong sa akin. | 4.03 | Sumasang-ayon |
| Hindi ako komportable sa pag-aaral dahil sa kakulangan ng electricfan dahil na pagkainit ng silid-aralan. | 4.03 | Sumasang-ayon |
| Madali akong madistorbo sa mga kalat na aking nakikita sa bawat sulok. | 3.97 | Sumasang-ayon |
| Madalas akong masira ang aking pakikinig dahil sa maliit na espasyo ng paaralan na nagiging dulot ng pagkainit. | 3.97 | Sumasang-ayon |
| Mas gusto kong magbasa ng libro kaysa pagbabasa sa internet ng ibat-ibang impormasyon ukol sa aralin | 3.97 | Sumasang-ayon |
| Hindi ako makapag-aral nang mabuti dahil sa mga sirang pasilidad ng paaralan. | 3.93 | Sumasang-ayon |
| Hindi ko maisagawa ang aking pag-aaral sa maraming taong nakapaligid sa akin | 3.77 | Sumasang-ayon |

Legend:

| | |
|--|-------------------------------------|
| 1.0 – 1.80 - Lubhang hindi sumasang-ayon | 3.41 – 4.20 - Sumasang-ayon |
| 1.81 – 2.60 - Hindi sumasang-ayon | 4.21 – 5.00 - Lubhang sumasang-ayon |
| 2.61 – 3.40 – Hindi Sigurado | |

Talahanayan 2.3.

| PAMAMARAANG PAGPAGKATUTO NG MAG-AARAL | Mean | Adjectival Interpretation |
|--|------|---------------------------|
| Mas nakapopokus ako sa pag- aaral sa mas komportableng lugar. | 4.37 | Lubos na sumasang-ayon |
| Hindi ko nauunawaan ang mga aralin sa Filipino kung ako ay nakapaligid sa mga maiingay na tao. | 4.27 | Lubos na sumasang-ayon |
| Hindi napapadali ang aking pag-hahanap ng mahahalangang impormasyon ng Filipino sa pamamagitan ng internet. | 3.93 | Sumasang-ayon |
| Mas nakatutuon ng aking atensiyon ang ibat-ibang disenyo ng teknolohiya sa ginagamit sa pagtuturo. | 3.90 | Sumasang-ayon |
| Mas gusto ko ng maraming tanong sa guro kaysa unawain at basahin ang isang aralin sa isang upuan. | 3.80 | Sumasang-ayon |
| Nakapag-aaral ako nang mabuti kapag kasama ko ang aking kamag-aral habang inaaral ang iba't ibang aralin. | 3.50 | Sumasang-ayon |
| Mas mabilis kong maunawaan ang ibang akdang aralin sa pamamagitan ng pagtuturo ng guro kaysa magkaroon ng sariling pagkatuto (self-study). | 3.50 | Sumasang-ayon |
| Hindi ako nakapagpopokus ako ng pag-aaral kung sinasabayan ko ito ng pakikinig ng melodiya. | 3.47 | Sumasang-ayon |
| Mas gusto ko ng maraming tanong sa guro kaysa unawain at basahin ang isang aralin sa isang upuan. | 3.43 | Sumasang-ayon |
| Gusto kong magbasa ng libro kaysa pagbabasa sa internet ng ibat-ibang impormasyon ukol sa aralin | 3.40 | Sumasang-ayon |

Legend:

| | |
|--|-------------------------------------|
| 1.0 – 1.80 - Lubhang hindi sumasang-ayon | 3.41 – 4.20 - Sumasang-ayon |
| 1.81 – 2.60 - Hindi sumasang-ayon | 4.21 – 5.00 - Lubhang sumasang-ayon |
| 2.61 – 3.40 – Hindi Sigurado | |

Makikita sa Talahanayan 1 na may dalawang salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, inilahad na mayroong mean score na 4.17 at 3.93 kung saan nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-uunawa ng paksang-aralin sa asignaturang Filipino may kabuluhan sa mga baryabol na ito, nangangahulugang may salik sa pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino. Kaugnayan dito, ayon sa mga naging resulta sa pag-aaral ni Salpocial (2023) na may pamagat na " *Effective Teaching of Teachers, Self-Regulation, and Study Habits among Students: Structural Equation Model on Learning of Filipino* " ang paraan ng pagtuturo ng guro (teaching methods) sa loob ng isang silid-aralan ay isa sa mga naging salik sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Sa talahanayan 2, ang mga may mean score na 4.40, 4.20, 4.03, 3.97, 3.93, at 3.77 ay nagsasaad na ang kapaligirang pampagkatuto ay naging salik din sa kanilang pagkatuto sa asignaturang Filipino, bilang suporta sa pag-aaral ni Go-Monilla (2015) na pinamagatang " *The Learning Environment and Its Effect on the Academic Performance of College Students* " may dalawang salik ang nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang paraan ng pagtuturo ng guro at ang kapaligiran ng pagkatuto o ang area of learning.

Sa talahanayan 3, may salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at ayon sa may mean score na 4.27, 3.93, at 3.47 may salik ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, ayon sap ag-aaral ni Abante, et. al., (2014) na may paksang " *Learning Styles and Factors Affecting the Learning of General Engineering Students* " sinasabing may iba't ibang uri ng mag-aaral lalong-lalo na sa pagkatuto, lumabas sa resulta ng pag-aaral na ito ay may ilan pang mga mag-aaral ang nahihirapan sap ag-unawa kung maingay o magulo ang paligid.

3. May makabuluhang ugnayan ba ang mga kabuoang iskor sa Asignaturang Filipino sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa baryabol:

3.1 Mga Paraan ng Pagturo ng Guro

Talahanayan 3.1. Makabuluhang ugnayan ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at Mga paraan ng pagturo ng guro sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral

| | Pearson r | description | Sig. (2 tailed) | interpretation |
|---|-----------|------------------|-----------------|-----------------|
| Kabuoang iskor sa Asignaturang Filipino vs. Paraan ng pagturo ng guro | +0.033 | Low relationship | 0.865 | Not Significant |

Makikita sa Talahanayan ang ugnayan sa ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at mga paraan ng pagturo ng guro sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa resultang lumabas gamit ang Pearson r ay positive 0.033 na nangangahulugang may very weak relationship sa baryabol na ito. Dagdag pa rito ang probability value ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at mga paraan ng pagturo ng guro ay ay 0.865 na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pamamagitan ng baryabol.

3.2 Kapaligiran ng pagkatuto

Talahanayan 3.2. Makabuluhang ugnayan ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at kapaligiran ng pagkatuto sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral

| | Pearson r | description | Sig. (2 tailed) | interpretation |
|--|-----------|------------------|-----------------|-----------------|
| Kabuoang iskor sa Asignaturang Filipino vs. Kapaligiran ng pagkatuto | +0.162 | Low relationship | 0.391 | Not Significant |

Makikita sa Talahanayan ang ugnayan sa ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at jkapaligiran ng pagkatuto sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa resultang lumabas gamit ang Pearson r ay positive 0.162 na nangangahulugang may very weak relationship sa baryabol na ito. Dagdag pa rito ang probability value ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at kapaligiran ng pagkatuto ay 0.391 na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pamamagitan ng baryabol.

3.3 Paraan ng pagkatuto ng Mag-aaral

Table 3.3. Makabuluhang ugnayan ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at Paraan ng pagkatuto ng Mag-aaral sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral

| | Pearson r | description | Sig. (2 tailed) | Interpretation |
|--|-----------|------------------|-----------------|-----------------|
| Kabuoang iskor sa Asignaturang Filipino vs. Paraan ng pagkatuto ng Mag-aaral | -0.002 | Low relationship | 0.993 | Not Significant |

Makikita sa Talahanayan ang ugnayan sa ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at paraan ng pagkatuto ng mag-aaral sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa resultang lumabas gamit ang Pearson r ay positive 0.002 na nangangahulugang may very weak relationship sa baryabol na ito. Dagdag pa rito ang probability value ng kabuoang iskor sa asignaturang Filipino at kapaligiran ng pagkatuto ay 0.993 na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan sa pamamagitan ng baryabol.

VI. DISKUSYON

Makikita sa talahanyan 1 at 2 na mataas ang naging marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa loob ng dalawang markahan ng pagkatuto. May nakuhang 89.97 ang buong marka ng mga mag-aaral sa unang markahan na nangangahulugang mataas ang naging marka ng mga mag-aaral. Samakatuwid, may nakuhang 91.30 na kabuoang marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kaugnay dito, kahit may mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto ay hindi naaapektuhan ang mga marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Napatunayan na mayroong mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto mula sa paraan ng pagtuturo ng guro, kapaligiran ng pagkatuto, at paraan ng pampagkatuto. Sa paraan ng pagtuturo ng guro ang pinakamataas na nakuhang mean score na nakikitaang salik ay ang 4.17 na nagsasaad na “Hindi ko nauunawaan ang paksa kung sa amin ipinatatalakay ang mga paksang-aralin” isa itong salik sapagkat, nakikitaan ito ng hindi pagka-unawa ng mga mag-aaral kung sila ang naglalahad ng paksang-aralin. Sa kapaligiran ng pagkatuto ang pinakamataas na nagpakikita ng salik ay may mean score na 4.40 na nagsasaad ng “Hindi ko lubos na maunawaan ang talakayan dahil sa sabay na sabay na ingay ng aking mga kamag-aral” pinapakita rito na hindi nauunawaan ng mga mag-aaral ang talakayan kung maingay ang kapaligiran ng pagkatuto. Samakatuwid, sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral isang salik na may mean score na 4.27 isinasaad na “Hindi ko nauunawaan ang mga aralin sa Filipino kung ako ay nakapaligid sa maraming tao” nangangahulugang kahit saan mag-aaral ay nakapaligid sa maraming tao.

Kaugnay nito, kahit may mga salik na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto, mula sa paraan ng pagtuturo ng guro, kapaligiran ng pagkatuto, at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi naaapektuhan ang una at pangalawang markahang marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

VII. KONKLUSYON

Sa isinagawang pag-aaral, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga hinuha na ang mga salik na paraan ng pagkatuto, paraan ng pagtuturo ng guro, at ang kapaligiran ng pagkatuto ay nakaaapekto sa pagkatuto ng mga-aaral sa asignaturang Filipino. Lumabas sa resulta na ang mga salik sa pagkatuto ay hindi naging hadlang sa mga mag-aaral na natututo ng asignaturang Filipino. Kaugnay dito, ang mga salik sa pagkatuto ay walang makabuluhang ugnayan sa marka ng mga-aaral, ibig sabihin hindi nakaaapekto ang mga salik sa pangkalahatang marka ng mga mag-aaral.

VIII. REKOMENDASYON

Inirerekomenda ng mga mananaliksik na magkaroon ng iba't-ibang pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino para sa mga guro, mahalaga ang teaching styles sa loob ng silid-aralan upang magkaroon ng kolaboratib na pagkatuto ang mga mag-aaral. Kaugnay dito, nirerekomenda rin na magkaroon ng maayos na pasilidad sa loob ng paaralan upang mas maayos ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Nirerekomenda rin na magkaroon ng seminar upang turuan ang mga mag-aaral kung paano tutulongan ang kanilang sarili upang magkaroon ng sariling gawi upang matuto.

Maaaring pagbasehan ang pananaliksik na ito para sa iba pang pananaliksik na maaaring makatulong upang solusyonan ang mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto. Maaari ring pag-aralan pa ang ibang antas at iba pang mga asignatura maliban sa Filipino.

Sanggunian:

- [1]. Mark R.R., Benjie C.A., Jay-ren E.M., Jovielyn M., “Learning Styles and Factors Affecting the Learning of General Engineering Students” ResearchGate, January 2014, 3 (1). https://www.researchgate.net/publication/273718624_Learning_Styles_and_Factors_Affecting_the_Learning_of_General_Engineering_Students
- [2]. Myrtel L.D., Ariel T., Jan Axel L.C., Shiela L.T., Faculty. “Motivation and Barriers to Learning of Students: The Case of Online Education” ResearchGate, August 2022, 9 (7), 301-311. https://www.researchgate.net/publication/362468324_MOTIVATION_AND_BARRIERS_TO_LEARNING_OF_STUDENTS_THE_CASE_OF_ONLINE_EDUCATION
- [3]. Jovelyn L.F., Melissa CN. “Study Skills, Writing Strategies and Reading Habits: A Causal Model in Motivation in Learning a Language”. Asian Journal of Education and Social Science, November 2, 2022, 34 (3), 40-59. <https://journalajess.com/index.php/AJESS/article/view/733>
- [4]. Peter R.G. “The Learning Environment and Its Effect on the Academic Performance of College Students” Philippines E-Journal, 2015, 17 (1). <https://ejournals.ph/article.php?id=11319>
- [5]. Audrey J. “What is Cognitive Learning Theory and How to Apply it?” 360learning, (2020). <https://360learning.com/guide/learning-theories/cognitive-learning-theory/>
- [6]. Kyunglee K. “A study on the educational effects of learning applications for secondary school students” ResearchGate, December 2022, 22 (24), 747-764. https://www.researchgate.net/publication/366886118_A_study_on_the_educational_effects_of_learning_applications_for_secondary_school_students
- [7]. Ibrahim K., Saban C., Filiz C., Yücel G. “Goal orientation, diverse talents and ways of learning of the university students” ResearchGate, March 2014, 6 (2), 35-39. https://www.researchgate.net/publication/274105945_Goal_orientation_diverse_talents_and_ways_of_learning_of_the_university_students

- [8]. Ronnel L. "Pagtuturo ng Asignaturang Filipino Ngayong Online Class" ResearchGate, December 2021. https://www.researchgate.net/publication/356853584_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_Ngayong_Online_Class
- [9]. Mochamad M., Magdalena N., Martin Y.S., Sobirova Nurkhon B.K., Randi E.P., Nabil A. "Exploring Factors That Impact on Motivation in Foreign Language Learning in the Classroom" ResearchGate, April 2023, 11 (5). https://www.researchgate.net/publication/369811682_Exploring_Factors_That_Impact_on_Motivation_in_Foreign_Language_Learning-in_the_Classroom
- [10]. Alan P. "Ways of Learning: Learning Theories for the Classroom." ResearchGate, September 2017. https://www.researchgate.net/publication/345681971_Ways_of_Learning_Learning_Theories_for_the_Classroom
- [11]. Rowena A.N. "Factors of Learning in Filipino and Students' Performance of Secondary Education in Eastern Visayas Philippines" PalArch's Journal of Archaeology of Egypt/ Egyptology, December 4, 2020, 17 (6) 8212-8227. <https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/view/2243>.
- [12]. Nailis S., Taufik H. "The Effect of Learning Quality And Learning Satisfaction on Learning Outcomes in Online Learning" ResearchGate, November 2022, 5 (1), 45-52. https://www.researchgate.net/publication/366438605_The_Effect_of_Learning_Quality_And_Learning_Satisfaction_on_Learning_Outcomes_in_Online_Learning
- [13]. Louie Mar L.S., Reita P. "Effective Teaching of Teachers, Self-Regulation, and Study Habits among Students: Structural Equation Model on Learning of Filipino" ResearchGate, February 2023. https://www.researchgate.net/publication/368348716_Effective_Teaching_of_Teachers_Self-Regulation_and_Study_Habits_among_Students_Structural_Equation_Model_on_Learning_of_Filipino?_sg=Q-rqUYnbuwo7FWPLaVdwacjLxLsmlVfvX9-QC8MoU0kroNqQfdaJW9BAKCFflul-2mWaeO6NoJMz-38&_tp=eyJjb250ZXh0Ijp7ImZpcnN0UGFnZSI6Il9kaXJlY3QiLCJwYWdlIjoieXJ2RpcmVjdCJ9fQ
- [14]. Shrutika S. "Bridging the Gap: Overcome these 7 flaws in descriptive research design" Enago Academy, February 20, 2023. <https://www.enago.com/academy/descriptive-research-design/>
- [15]. Felipe J., Cristina C., Maria Chona Z.F., Roullette P.C., Sheena Mae C. "Lawak ng Pagpapahalaga ng mga Estudyante sa Asignaturang Filipino Kaugnay ng Kanilang Akademik Performans" ResearchGate, December 2020. https://www.researchgate.net/publication/347951399_Lawak_ng_Pagpapahalaga_ng_mga_Estudyante_sa_Asignaturang_Filipino_Kaugnay_ng_Kanilang_Akademik_Performans
- [16]. Nelson R.T. "Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students" Interdisciplinary Journal of Applied and Basics Subjects, December 2021, 1 (12). <https://visnav.in/ijabs/article/factors-influencing-the-level-of-filipino-language-proficiency-among-secondary-students/>
- [17]. Jimmy B.Y., Cristina C., Maria Chona Z.F., Felipe S., Sheena Mae C. "Lawak ng Pagkatuto ng Mag-aaral Kaugnay sa Paggamit ng Differentiated Instruksyon" ResearchGate, December 2022. https://www.researchgate.net/publication/348176383_Lawak_ng_Pagkatuto_ng_Mag-aaral_Kaugnay_saPaggamit_ng_Differentiated_Instruksyon
- [18]. Rizalina D.T., "Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag-Aaral na Di-Tagalog" Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, April 30, 2020, 8 (2), 100-107. <https://www.apjmr.com/apjmr-vol-8-2/>
- [19]. Nur Hamizah H.R., Masoumeh A., Seyed A.M., Atefeh A. "Academic Stress and Self-Regulation among University Students in Malaysia: Mediator Role of Mindfulness" National Library of Medicine, January 15, 2018, 8 (1). <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC5791030>
- [20]. Gabrielle F., Bernadeth A.E., Benhur A., Analyn S. "Prospective Language Teachers' Beliefs and Attitudes towards the Inclusion of Special Learners in Regular Classrooms" Specialusis Ugdyamas, 2023, 1 (44). <http://www.sumc.lt/index.php/se/article/view/1998/1485>
- [21]. Marygold D.P., Roberto S.E., Analyn D.S., Veronica C.M., Vilma L.P., Felixberto C.L., "Coping mechanisms of the senior high school learners in addressing the concerns in the use of the blended learning modality during the COVID-19 pandemic" International Journal of Health Science, March 7, 2022. <https://sciencescholar.us/journal/index.php/ijhs/article/view/10238>
- [22]. Alprince King B., Rowena C., Analyn S., Abigail A., Edison E., Ericson A. "Motivation and Amotivation of Non-language Major Students Towards Learning English Online: A Qualitative Analysis" Atlantis Press, April 28, 2023. <https://www.atlantis-press.com/proceedings/asiacall-22/125986179>